



Kaalamang kontra iskam

Mabilis na aksyon syam na paraan para sa kaligtasan

Paalala ng KGI life insurance: kung kahinahinala ang mga pangyayari, sundin ang mga ito:

1 pakinggan | 2 patayin ang tawag | 3 magberify sa ☎ 165

01



Huwag pansinin ang pekeng taga-gobyerno

Kung sinabing taga-gobyerno sya o nagpaparemit ng pera sa iyo, agad na patayin ang tawag at magberify. Hindi nagbibidyo kol o tumatawag ang pulis para magimbestiga ng kaso.


02



Huwag pakinggan ang utos ng estranghero

Sa opisyal na websyt lamang mamili onlyn, huwag basta-basta magremit ng pera o magbigay ng pansariling impormasyon, o OTP. Huwag buksan ang link na binigay ng isang estranghero.

03



Huwag malubog sa pakikipag-kaibigan onlyn

Kapag ang kaibigan mo onlyn ay masyadong konsern sa iyo, baka pekeng kaibigan yan o pamilya na gumagamit ng AI. Huwag magremit at dapat may password kayo ng inyong pamilya o kaibigan.


04



Huwag tumapak sa bitag ng loan shark

May risk sa bawat imbesmen, maging maingat sa paggamit ng mga ari-arian bilang kolateral, huwag basta-bastang sumali sa mga gc onlyn, bago mag-invest, imbistigahan muna kung may lisensya ang kumpanya.

05



Huwag pumirma ng kaniha-hinalang patakaran

Bumili ng insyurans mula sa lisensyadong ahente lamang. Kung kaduda-duda, tumawag sa kumpanya ng insyurans o Komisyon ng Insyurans para makasigurado na totoo ang ahente at mga binebentang insyurans.

06



Huwag pasekreteong magbayad ng insyurans

Magbayad ng insyurans sa pamamagitan ng bank transper, kredit kard, o remitans direkta sa akawnt ng kumpanya ng insyurans. Siguraduhing tama ang otorisasyon porm, pangalan ng akawnt, at humingi ng resibo.

07



Huwag gumawa ng labag sa batas

Siguraduhing dumaan sa ligal na ahensya kapag naghahanap ng trabaho. Huwag magbayad ng hindi makatuwirang bayarin, huwag magpakuha ng litrato na hawak ang iyong mga dokumento, at mag-ingat sa mga alok na sobrang taas ng sahod—baka ito ay iskam.

08



Huwag maging taga-kulekta ng pera ng iskamer

Huwag isugal ang kalayaan para sa kaunting pera. Ang pagtulong sa pag-withdraw, pag-transper, pagbibigay ng pera, o pagtanggap ng mga padala ay maaaring ituring na pakikipagsabwatan sa skam at ito ay may kaukulang parusa at pananagutan sa batas.

09



Huwag mahulog sa skam ng pabahay

Siguraduhing basahin ang kontrata kapag bibili o magbebenta ng bahay. Mag-aplay ng serbisyo para sa agarang pagbabago ukol sa lupain at para matakpan ang address sa titulo. Gamitin ang ikalawang numero ng telepono para sa karagdagang proteksyon.

